Sa Magulang/Tagapag-alaga ng Batang Papasok sa Elementary/Junior High School sa 2024

# 就学援助制度のご案内

# Tulong sa Pagpasok ng Paaralan



## ～学校でかかる経費の負担軽減のために～

## ～upang mabawasan ang pasanin sa babayaran sa pagpapaaral

Ang syudad ng Ota ay nagbibigay ng tulong sa pagpapaaral ng mga bata sa paaralang publiko sa elementary at junior high school. Ang tawag dito ay Shuugaku Enjo Seido(就学援助制度), Educational Assistance System.

Ang mahihirang na makatanggap na pamilya ay bibigyan ng tulong sa pagbabayad ng school lunch, mga gamit sa paaralan, sa entrance fee, school trips at physical health examinations.

Halimbawa

**○Pagbili ng mga gamit sa unang pagpasok sa paaralan [uniform, randosel(school bag)]**

◆Halaga na ibibigay na tulong (bawat 1 bata)

・papasok sa elementary school　**¥57, 000**

・papasok sa junior high school (kasama ang grade 6 elem. school)　**¥70, 000**

◆sakop na panahon:　mid February ～ late February 2024

**○Magmula sa araw na naaprubahan ang tulong ay hindi na kailangang magbayad ng school lunch fee.** (ang resposibilidad ay aakuin ng Board of Education)

## Sino ang maaring tumanggap

Ang halagang kinikita ng isang sambahayan (kabilang ang nakabukod) ay sakop ng alin man sa mga sumusunod

（1）exempted sa pagbabayad ng residence tax

（2）nag-aalala tungkol sa pasanin sa pagpapaaral sa dahilang limitado ang kinikita ng pamilya

**BATAYAN SA PAGBIBIGAY NG TULONG AYON SA KINIKITA NG PAMILYA　<halimbawa>**

| Ilang tao sa pamilya | Miyembro ng pamilya | Basic income |
|---|---|---|
| 2 | Ama / ina + batang elementary school age | ¥2,710,000 |
| 3 | Ama / ina + bata(elementary) + batang hindi pa nag-aaral | ¥3,270,000 |
| 4 | Ama + ina + bata(elementary) + batang hindi pa nag-aaral | ¥3,960,000 |
| 5 | ama+ina+bata(junior h.s.)+bata(elementary)+batang hindi pa nag-aaral | ¥4,710,000 |

※Ang nakatala sa itaas ay halimbawa lamang. Maaaring magbago depende sa edad, situwasyon ng pamamahay, at iba pa.

Ang pagbigay o hindi pagbigay ng tulong ay ibabatay sa resulta ng pagsusuri ng application form at kalagayan ng buhay

Paraan ng pag-apply ay nakasulat sa likod

Paraan ng pag-apply

**Araw : Disyembre 1, 2023 ～ Enero 12, 2024**

**Naka planong ipasok sa elementary school ang anak**

Dalhin ng personal sa papasukan na paaralan ang mga nakasulat na papeles sa ibaba. Hindi tatanggapin kung ipapadala sa pamamagitan ng post office.

◆ **Mga papeles na isa-submit**

①**Educational Assistance application form** (Shuugaku Enjo-hi Jukyuu Shinsei-sho)

②**Pangako tungkol sa pagtanggap ng school supplies expenses**

③**bank pass book copy**

**(pahinang nakasulat ang bank account number, pangalan ng may ari ng account, pangalan ng banko, branch**)

※Kung hindi pa naka-register ang miyembro ng sambahayan sa Ota City Hall magmula Enero 1, 2023 ay kailangan mag-submit ng **[shotoku (income) ・ kazei shoumei-sho (taxation certificate)]**

※Naka-post sa Ota City Hall home page ang mga kailangang papeles sa pag-aapply. Mayroon din sa paaralan at sa Board of Education (School Education Section)

**Naka planong ipasok sa junior high school ang anak**

Makipag-usap sa kasalukuyang pinapasukan na elementary school. Ituturo ng paaralan ang mga kailangang gawin.

**Kasalukuyang tumatanggap ng educational assistance**

Bukod na ipapaliwanag ng paaralan kung sertipikado nang tumatanggap ang pamilya ng tulong.

**mga bagay na dapat malaman**

Mga kondisyon upang makatanggap ng tulong bago magsimulang pumasok sa paaralan

（１） naka planong pumasok sa public elementary / junior high school sa Abril 1, 2024

（２） rehistradong nakatira sa Ota City sa oras ng pag-aapply

(hindi kasama ang lilipat sa labas ng Ota bago matapos ang Marso 2024.)

（３） natupad ang kondisyon ukol sa pagtanggap ng educational assistance



【Babala】Hindi makakatanggap ng tulong bago magsimulang pumasok kung sakop sa alin man :

① Kung hindi papasok sa public elementary / junior high school sa Abril 2024

② Kung lilipat sa labas ng Ota City sa loob ng Marso 2024

※Huwag mag-apply kung inaakala na sakop sa babala. Kung tumanggap ng tulong ang hindi karapatdapat, kailangan isauli ang buong halagang tinanggap.

○Kahit hindi pa nakakapag-apply ngayon, ngunit nailapat at naging accredited bago mag-Abril 30, 2024, ay bibigyan ng financial support para sa mga gamit sa pagpasok sa paaralan pagkalipas ng school entrance ceremony.

○Muling sisiyasatin sa Agosto ng bawat taon ang application para sa bagong school year. Kahit tumatanggap na ng tulong sa kasalukuyan, maaaring mawala ang tulong para sa pagbili ng gamit sa pagpasok sa bagong school year depende sa situwasyon ng sambahayan.

**For information: Ota Board of Education School Education Section** TEL 0276-20-7084
( OTA KYOUIKU IINKAI GAKKOU KYOUIKU KA )